

UNANG MARKAHANG PAGSUSULIT

Edukasyon sa Pagpapakatao 1

SY 2023-2024

Pangalan:

Iskor:

Baitang:

Petsa:

I.Panuto: Pakinggang mabuti ang babasahin ng guro. Isulat ang **Tama** kung wasto ang Isinasaad ng pangungusap at **Mali** kung di -wasto.

_____ 1. Ipinapakita ko ang aking natatanging kakayahan.

_____ 2. Nagtatago ako sa kwarto kung sa palagay ko ay mali ang aking ginagawa.

_____ 3. Sumasali ako sa paligsahan upang mapaunlad ko ang aking kakayahan.

_____ 4. Sa pagpapakita ng ating talento, dapat tayong mahiya .

_____ 5. Tinatandaan ko ang mga pangaral sa akin ng tatay.

II. Isulat ang titik ng tamang sagot.

_____ 6. Mahilig kang umawit. Nais mong iparinig ito sa iyong lolo at lola. Ano ang gagawin mo?

A. Hindi ako kakanta. Nahihiya ako.

B. Aawitan ko sila.

C. Magtatago ako sa kwarto.

_____ 7. Gusto mong gumawa ng saranggola. Pero hindi mo alam kung paano. Ano ang gagawin mo?

A. Magpapaturo ako.

B. Hindi na ako gagawa ng saranggola.

C. Iiyak na lang ako.

_____ 8. Maliksi ka sa larong takbuhan. Pero minsan, nadapa ka sa pagtakbo . Ano ang gagawin mo?

A. Iiyak ako at uuwi na.

B. Hindi na ulit ako sasali sa larong takbuhan.

C. Pipilitin kong tumayo. Kung may sugat ako, hihingi ako ng tulong.


_____ 9. Alin sa mga sumusunod na larawan ang nagpapakita ng pagiging malinis sa katawan.



_____ 10. May mga bagay tayong ginagamit upang tayo ay maging malinis. Alin sa mga sumusunod ang ginagamit natin para mapanatiling malinis ang mga kuko?



_____ 11. Alin sa mga pagkain ang nakapagpapalusog sa iyo?



_____ 12. Ano ang dulot ng pagiging masigla?

- A. Ako ay makapag-aaral nang mabuti
- B. Ako ay magkakasakit.
- C. Ako ay hindi makapaglalaro.

_____ 13. Ano ang mabuting dulot ng pagiging malinis?

- A. Ako ay magiging payat.
- B. Ako ay magiging sakitin.
- C. Ako ay magiging malusog.

_____ 14. Ang kalinisan ay daan sa _____.

- A. kagandahan
- B. kalusugan
- C. kalungkutan

_____ 15. Kumain ka ng gulay upang humaba ang iyong _____.

- A. buhay
- B. paa
- C. kamay

_____ 16. Ang kalusugan ay _____ ng ating kakayahan.

- A. nakakasira
- B. nakapagpapaunlad
- C. nakasasama

III. Isulat ang T kung mabuti para sa ating kalusugan ang sinasabi ng pangungusap at M naman kung hindi nakabubuti.

_____ 17. Maglaro sa matinding init ng araw.

_____ 18. Mag- ehersisyo palagi.

_____ 19. Magpalit ng damit kapag napawisan.

_____ 20. Uminom ng kape sa umaga.

_____ 21. Ugaliin ang palaging paghuhugas ng kamay.

IV. Isulat ang titik nang wastong sagot.

_____ 22. May kailangan kang kunin sa kwarto. Nakita mong natutulog ang iyong nanay. Ano ang gagawin mo?

A. Gigisingin ko siya.

B. Dahan- dahan akong lalakad sa kwarto upang hindi magising si nanay.

C. Sisigawan ko si nanay upang magising.

_____ 23. Nakita mong madaming ginagawa si ate sa kusina . Ano ang gagawin mo?

A. Tutulungan ko siya.

B. Pababayaang ko siya na gumawa.

C. Hindi ko na lang siya papansinin.

_____ 24. Sabay-sabay ang pamilya Santos sa pagkain ng hapunan. Ano ang tamang gawi habang kumakain?

A. Magsigawan habang nagkukwentuhan.

B. Masasayang nangyari ang dapat pag-usapan.

C. Wala sa mga nabanggit.

_____25. Gusto mong pasayahin ang iyong nanay at tatay. Alin sa sumusunod ang gagawin mo?

A. Kukwentuhan ko sina nanay at tatay ng magagandang ginawa ko sa paaralan.

B. Hindi ako sasama sa kanila sa pamamasyal.

C. Aalis ako sa bahay at maglalaro sa kapitbahay.

V.Iguhit ang  kung tama ang isinasaad sa pangungusap at

 kung hindi tama.

_____26. Kaarawan ni nanay. Maagang gumising si Rita. Hinalikan at binati niya ang nanay.

_____27. Mahusay gumuhit si Mando. Minsan, Iginuhit niya ang isang parol. Kinulayan ito at ibinigay sa kanyang tita bilang pagbati sa araw ng Pasko.

_____28.May ginawa ang tatay sa bakuran. Tinawag niya si Niko. Ipinaabot niya ang walis at pandakot, pero kunwari ay hindi ito naririnig ni Niko. Hindi siya kumilos.

_____29. Masayang magkwento si Lan. Iyon ang kanyang katangian. Pag-uwi niya sa eskwela, Ugali na niya na magkwento sa lola ng kanyang mga ginagawa sa paaralan.

_____30. Habang naglalaba ang nanay, naglalaro naman si Mira ng bahay-bahayan habang ang bunsong kapatid ay umiiyak at hindi niya pinapansin.

ESP

Key to correction

- | | |
|---------|---|
| 1. Tama | 16. B |
| 2. Mali | 17. M |
| 3. Tama | 18. T |
| 4. Mali | 19. T |
| 5. Tama | 20. M |
| 6. B | 21. T |
| 7. A | 22. B |
| 8. C | 23. B |
| 9. B | 24.A |
| 10. B | 25. A |
| 11. C | 26.  |
| 12. A | 27.  |
| 13. C | 28.  |
| 14. B | 29.  |
| 15. A | 30.  |

Talaan ng Ispisipikasyon

ESP

Layunin	Kinalalagyan ng Bilang	Bilang ng aytem	Bahagdan
1. Napapahalagahan ang kasiyahang naidudulot ng pagpapamalas ng kakayahan.	1-4	8	26.67
2. Naggawa nang mahusay ang mga gawain at pagkain nakapagdudulot ng kalinisan at kalusugan.	9-16	13	43.33
3. Naisasagawa nang may katapatan ang mga kilos na nagpapakita ng disiplina sa sarili sa iba’t-ibang sitwasyon.	22-23	2	6.67
4. Nakikiisa sa mga gawaing nagpapatibay ng ugnayan ng pamilya.	5, 24-26, 28-30	7	23.33
total		30	100